
# PROJECT EASE

**( Effective and Affordable Secondary Education )**

# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA I



**MODYUL BILANG 12**

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
DEPARTMENT OF EDUCATION
DepED Complex, Meralco Avenue
Pasig City

# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA I

## Yunit 3

## Modyul Blg. 12

# Pagpapahalaga Mo, Iba ba sa Akin?

## I. Ano Ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Sa laki ng daigdig at sa dami ng taong naninirahan dito, hindi nakapagtatakang maraming bagay sa kanila ang magkakaiba. Sa kabila nito, may mga bagay at katangian din silang taglay na magkakatulad. Nais mo ba itong malaman? Kung ganoon, tunghayan mong mabuti ang mga gawain sa modyul na ito.

Pagkatapos mo itong pag-aralan, inaasahang matututuhan at malilinang mo ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga:

A. Naipaliliwanag ang kahulugan ng pagpapahalagang moral at pagpapahalagang kultural
B. Nahihinuha ang mga pagpapahalagang moral na nakapaloob sa Sampung Utos ng Diyos
C. Nasusuri ang kahalagahan ng pagsasabuhay ng mga pagpapahalagang moral tungo sa pagkakaroon ng makataong daigdig

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga I kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng mga aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang mga sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa kuwaderno sa Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka Na Ba?

Panuto: Nakalista sa oblong ang mga salitang binibigyang- kahulugan o inilalarawan ng mga aytem sa ibaba. Kopyahin ito sa kuwaderno. Hanapin ang angkop na salita sa bawat aytem at isulat sa patlang sa nakalaang bilang.


**KALIKASAN NG TAO**
**ETERNAL**
**DIYOS**
**INTELLECT**
**PAGPAPAHALAGANG MORAL**
**KATARUNGAN**
**WILL**
**PAGPAPAHALAGANG KULTURAL**
**KATOTOHANAN**
**SITUATIONAL**
**KALAYAAN**

_____1. Mga pagpapahalagang totoo sa lahat ng tao anuman ang kanyang lahi, edad, kasarian at katayuan sa buhay
_____2. Katangian ng pagpapahalagang moral na hindi nagbabago at nananatili hanggang wakas
_____3. Pinagmulan ng katotohanan
_____4. Pinagbatayan ng mga pagpapahalagang moral
_____5. Katangian ng pagpapahalagang kultural kung saan nagbabago ang kahulugan at pagsasabuhay nito ayon sa pangyayari
_____6. Pagbibigay sa isang tao ng nararapat para sa kanya
_____7. Sinasabing ito ang magpapalaya sa atin. Maaari itong tuklasin ng tao ngunit hindi maaaring likhain kailanman
_____8. Mga pagpapahalagang bunga lamang ng opinyon o palagay ng isa o grupo ng tao sa lipunan
_____9. Tumutukoy sa kakayahan ng isang tao na itakda ang kanyang sarili tungo sa isang mithiin sa buhay
_____10. Isa sa dalawang kapasidad ng tao na ang tunguhin ay katotohanan


## III. Tuklasin Mo

### Gawain Blg. 1.


Sa kasalukuyan, tinatayang may humigit kumulang pitong bilyong tao sa daigdig: iba't-ibang kulay, iba't-ibang anyo at paniniwala. Bawat isa ay may mga pagpapahalagang taglay. Ilan sa mga ito ang ibinigay na halimbawa sa ibaba.



Mahalagang bahagi sa pakikipagkapwa ng mga Hapones ang pagyukod (bowing) sa tuwing makikipag-usap. Itinuturing na kawalang galang ang di pagsasagawa nito sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan sa kapwa.




Ang *po at opo* ay mahalagang kataga na nagpapakita ng paggalang ng isang Pilipino. Ginagamit ito lalo na kung nakikipag-usap sa mga nakatatanda at sa mga taong nasa awtoridad.



Sa America, walang pagyukod na isinasagawa at wala ring *po* at *opo* na tanda ng paggalang sa pakikipag-usap. Sa halip, ang pagsunod sa mga itinakdang batas ng gobyerno ang sukatan ng paggalang. Wala silang mga panlabas na manipestasyong ginagamit .

Upang higit na maging malinaw sa iyo , masdan mo ang dayagram sa ibaba.




Ang paggalang ay pagpapahalagang kinikilala ng iba't-ibang pangkat ng tao sa daigdig. Nagkakaiba lamang sa interpretasyon kung paano ito isasabuhay. Ito ay dahil sa ibinatay nila sa sitwasyon at pangangailangan ng kanilang pangkat.

## Sagutin Mo

Anu-anong mga pagpapahalagang mayroon tayong mga Pilipino na kakaiba sa iba pang mga kultura o lahi sa daigdig? Gamiting gabay ang halimbawa sa ibaba. Magbigay ng limang sagot.

PAGTANGGAP NG MGA BISITA

| SA PILIPINAS | SA AMERIKA |
|---|---|
| * Tinatanggap nang bukas- palad ang bisita anumang oras ito dumating. | * Magpapaabiso muna (hal. tumawag sa telepono) bago pumunta sa bahay na bibisitahin. |
| * Ipagagamit sa bisita ang mga itinatagong magagandang gamit tulad ng mga bagong pinggan, kumot,at iba pa. | * Kung ano ang abutang kasangkapang ginagamit, iyon lamang ang ipagagamit sa dumating na bisita. |

## Sagutin Mo

1. Sa kabila ng pagkakaiba ng mga paniniwala ng iba't-ibang pangkat ng tao sa daigdig, bakit mahalagang isabuhay ang paggalang sa pagpapahalaga ng iba?
2. Batay sa gawaing ito, paano mo bibigyang-kahulugan ang pagpapahalagang kultural?

## Gawain Blg. 2

Natutuhan mo sa Gawain 1 na may mga pagpapahalagang iba't-iba sa bawat pangkat ng tao. Sa gawaing ito, bibigyang-pansin ang mga pagpapahalagang pare-pareho sa lahat ng tao anuman ang kanyang nasyonalidad at relihiyong kinabibilangan.

Narinig mo na ba ang linyang ito ng mga sikat na awitin? Kung hindi pa, basahin mo at unawaing mabuti ang mensahe ng mga awiting ito.

Ikaw at ako,
Hindi man magkalahi ay dapat
Matutong magmahal
Ituring mong tayong lahat ay magkakapatid

We are the world
We are the children
We are the ones
Who make a brighter day
So let's start giving

Heal the world
Make it a better place
For you and for me
and the entire human race

## Sagutin Mo

1. Anu-anong mga pagpapahalaga ang napapaloob sa mga linya ng mga awiting ito?
2. Sa palagay mo, ano kayang damdamin ang naghari sa manunulat ng awitin nang isulat niya ang liriko ng mga awiting ito?

## Gawain Blg. 3

Ano ang gagawin mo sa mga sumusunod na sitwasyon?

1. May mga *pirated pornographic VCD tapes* na ibinebenta sa *sidewalk*. Napagkasunduan ng inyong barkada na bumili nito at panoorin sa bahay ng isa ninyong kamag-aral. Ikaw ang nautusang bumili ng tape.
2. Natapat sa araw ng Linggo ang huling ensayo ng inyong dula-dulaan. Isa ka sa mga pangunahing aktor kaya nararapat na nandoon ka. Araw din ito ng kasal ng iyong kapatid at isa ka sa abay.

## Sagutin Mo

1. Ano ang naging batayan mo sa iyong pagpapasya sa bawat sitwasyon?
2. Anong pagpapahalaga ang napapaloob sa iyong piniling aksyon?

## IV. Ano Ang Iyong Natuklasan?

1. Anu-anong mga pagpapahalaga ang totoo sa lahat ng tao?
2. Ano ang batayan ng mga pagkakatulad na ito?
3. Batay sa gawaing ito, paano mo bibigyang-kahulugan ang pagpapahalagang moral?
4. Anong mahalagang konsepto ang maaari mong mabuo batay sa mga natapos mong gawain?

## V. Pagpapatibay

Dahil sa ang tao'y nilikhang kawangis ng Diyos, may mga katangian at potensyal siyang taglay na katulad din sa kanyang kapwa. Iisa ang lumikha kung kaya't sa kabila ng mga pagkakaiba sa pisikal na anyo at sa iba pang mga aspeto, may isang bagay na nagbubuklod sa ating lahat: iyan ay ang ating kalikasan bilang tao o *human nature.* Ang kalikasang ito'y hindi nagbabago at totoo sa lahat ng tao. Ang kalikasang ito ang batayan ng mga pagpapahalagang moral. Halimbawa, ang pagkakaroon natin ng buhay, pag-iisip (intellect) at malayang-loob (will). Anuman ang ating lahi, o estado sa buhay, kinikilala natin na mahalaga at sagrado ang buhay. Kung mahalaga sa Pilipino ang kanyang buhay, ganon din para sa isang Pranses, Aprikano, o Australyano.

May dalawang uri ng pagpapahalaga: ang pagpapahalagang moral at pagpapahalagang kultural.

Ang pagpapahalagang moral ay:

- *Unibersal o pangbuong sangkatauhan*. Nangangahulugan na totoo ito sa lahat ng tao. Halimbawa, ang pagmamahal ay totoo sa lahat ng tao. Maaring ito ay pagmamahal sa Diyos, sa bayan, sa magulang, asawa, kapatid, kaibigan, nobyo at iba pa. Lahat tayo ay nakadarama nito.
- *Eternal o pangwalang hanggan*. Nananatili ito sa lahat ng panahon, kung ano ang totoo noon ay mananatiling totoo ngayon at sa hinaharap. Hindi ito kayang baguhin ng panahon.
- *Obhektibo.* Hindi ito nababatay sa kondisyon ng paligid o panahon o sa interpretasyon ng mga pangkat ng tao.
- *Nagmula sa Diyos*. Hindi ito likhang- isip lamang o ginawa ng tao.
- *Nababatay sa natural moral law.* Hindi ito nasusulat na batas ngunit nasa puso at isip ng bawat tao.

Kung susuriin, makikita sa Sampung Utos ng Diyos ang mga katangiang binanggit sa itaas. Ito ay para sa lahat at hindi lamang para sa isang pangkat ng tao o relihiyon.

Hal.

| Kautusan | Pagpapahalagang Moral |
|---|---|
| Ibigin mo ang Diyos ng higit sa lahat. | Pag-ibig sa Diyos |
| Igalang mo ang iyong mga magulang. | Paggalang sa awtoridad |
| Huwag kang papatay. | Paggalang sa buhay |
| Huwag kang magnanakaw. | Paggalang sa ari-arian ng iba |

Ilan sa halimbawa ng mga moral na pagpapahalaga ay ang pag-ibig, kalayaan, katotohanan, at paggawa.

Ang pagpapahalagang kultural ay:

- *Societal.* Sumasaklaw ito sa paraan ng pagkilos ng isa o mga pangkat ng tao sa lipunan.
- *Personal.* Nagmumula ito sa kalooban ng tao.
- *Subjective.* Nagbabago at nakabatay ito sa interpretasyon ng isang tao o grupo ng mga tao.

## VI. Pagnilayan at Isabuhay Mo

1. Sa kabila ng pagkakaiba ng mga pagpapahalagang kultural na taglay ng iba't-ibang pangkat ng tao sa daigdig, bakit mahalagang manaig ang pag-uunawaan at pagkakasundo?

2. Anu-anong mga pagpapahalaga ang nararapat mong isabuhay upang maiwasan ang pag-aaway-away ng dahil sa pagkakaiba?

3. Sa iyong kapasidad bilang kabataan, paano ka makatutulong sa pagtataguyod ng mga moral na pagpapahalaga?

## VII. Gaano Ka Natuto?

### A. Panuto:

Nakalista sa gitnang kolum ang labinlimang mga pagpapahalaga. Suriing mabuti ang bawat isa. Isulat sa kaliwang kolum kung ito ay pagpapahalagang moral at sa kanan kung ito ay pagpapahalagang kultural.

| PAGPAPAHALAGANG MORAL | | PAGPAPAHALAGANG KULTURAL |
|---|---|---|
| | **A.** **PAG-IINGAT SA BUHAY** | |
| | **B.** **KASIPAGAN** | |
| | **C.** **PAGSASAKRIPISYO** | |

PAGPAPAHALAGANG MORAL

PAGPAPAHALAGANG KULTURAL

**D.**

**KALAYAAN**

**E.**

**KAGANDAHAN**

**F.**

**KALINISAN**

**G.**

**PAGBIBIGAY**

**H.**

**PAGMAMAHAL NG MAGULANG SA ANAK**

**I.**

**KATOTOHANAN**

**J.**

**PAG-ALAALA SA YUMAO**

PAGPAPAHALAGANG MORAL

PAGPAPAHALAGANG KULTURAL

**K**

**PAGMAMAHAL**

**I.**

**KAPAYAPAAN**

**M.**

**PAGGALANG SA DIGNIDAD NG TAO**

**N**

**PAMAMANHIKAN**

**O.**

**PAG-AARUGA NG ANAK SA MAGULANG**

B. Panuto: Basahing mabuti ang bawat pahayag at piliin ang titik ng wastong sagot.

1. Ang pagpapahalagang moral ay totoo sa lahat ng tao anumang lahi, relihiyon at antas ng pamumuhay siya nabibilang sapagkat ito ay nag-uugat sa:
    a. aral ng pananampalataya
    b. kalikasan ng tao (human nature)
    a. tamang paghubog ng konsensya
    b. kalayaang taglay ng bawat isa

2. Ang pag-aaruga sa matatanda ay halimbawa ng pagpapahalaga sa:

    a. awtoridad
    b. buhay
    c. Diyos
    d. katotohanan

3. May pangkat etniko sa Mountain Province na pinapayagang magkaroon ng relasyong sekswal ang magkasintahan upang makatiyak ang lalaki na siya ay mabibigyan ng anak ng kanyang mapapangasawa. Mahalaga ito sa kanila upang matiyak ang pananatili ng kanilang lahi. Anong katangian ng pagpapahalagang kultural ang ipinakikita ditto?

    a. personal
    b. societal
    c. subjective
    d. universal

4. Ang pakikipaglaban ni Lapu-lapu sa pananakop ng mga Kastila, ang pag-aalsa ng mga Negro sa South Africa laban sa pamumuno ng mga puti, at ang pagbuwag ng Berlin Wall ay ilan lamang sa halimbawa ng pagsisikap ng tao na maging malaya. Pinatutunayan nito na ang pagpapahalagang moral ay:

    a. Eternal
    b. Ispiritwal
    c. Obhektibo
    d. Unibersal

5. Ang kasabihang “ang walang hirap mag-ipon ay walang hinayang magtapon” ay pagpapahalagang saklaw ng:

    a. paggalang sa mga ari-arian
    b. pagtitimpi
    c. mapanagutang pamamahala sa materyal na bagay
    d. mapanagutang paggamit ng kalayaan

# VIII. Sanggunian

Esteban, Esther J. 1990. *Education in Values: What, Why and For Whom.* Manila:Sinag-Tala Publishers

Platon, Joselito S. 1993. *Ako at Ang Aking Sarili.* IEMI. Manila

Punsalan, Twila G. et al.1993. *Ako: Biyayang Pinahahalagahan Ko.* Manila: Rex Book Store

# Susi sa Pagwawasto:

## Handa ka na Ba?

1. pagpapahalagang moral
2. eternal
3. Diyos
4. kalikasan ng tao
5. situational
6. katarungan
7. katotohanan
8. pagpapahalagang kultural
9. kalayaan
10. intellect

## Gawain Blg. 1

A. Sa Pilipinas;
1. magulang ang awtoridad
B. Malapit ng ugnayang pampamilya
C. Sama-samang pagnonoche Buena, pagsisimba

## Gawain Blg.2

1. pagkakaisa, pagmamahal
2. pagmamalasakit sa kapwa at sa daigdig na ginagalawan
3. pagmamahal/ pag-ibig
4. respeto sa dignidad ng tao
5. katotohanan
6. kalayaan
7. paggawa
8. respeto sa buhay

## Gaano Ka Natuto?

A.

- Pagpapahalagang moral
  A,E,H,I,K,C
- Pagpapahalagang kultural
  B. C, D, F,G,J, L,M,N

B.

| | |
|---|---|
| 1.b | 4. d |
| 2.a | 5. c |
| 3.b | |